

Simula noong ika-1 ng Hunyo, 2009, nagdeklara ang San Diego ng Level 2 Drought Alert. Kabilang sa Level 2 ang maraming sapolitang takda sa tubig. Bilang karagdagan, lahat ng boluntaryong Level 1 na mga gawain sa konserbasyon ay naging sapolitan. Kabilang sa Level 2 na mga takda ang:

- Ang pagpapatubig o pagdidilig para sa landscape ay limitado sa hindi hihigit sa tatlong nakatalagang araw kada linggo. Ang mga araw na ito ay:
 - **Ang mga bahay na ang mga address ay may odd-number ay maaaring magdilig sa araw ng: Linggo, Martes at Huwebes**
 - **Ang mga bahay na ang mga address ay may even-number ay maaaring magdilig sa araw ng: Sabado, Lunes at Miyerkoles**
 - **Ang mga apartment, Condo at Negosyo ay maaaring magdilig sa araw ng: Lunes, Miyerkoles at Biyernes**
- Sa pagitan ng ika-1 ng Hunyo at ika-31 ng Oktubre, sa mga araw ng iyong pagdidilig, maaari ka lamang magdilig bago ang 10 a.m. o pagkaraan ng 6 p.m. Ang pagpapatubig o pagdidilig para sa landscape gamit ang mga sprinkler ay limitado sa hindi hihigit sa sampung minuto kada istasyon ng pagdidilig kada itinalagang araw (hindi umaaplay sa drip, micro-irrigation, stream rotor, rotary heads, hose end sprinklers na may mga timer o valves na pinatatakbo ng isang weather-based irrigation controller).
- Sa pagitan ng ika-1 ng Nobyembre at ika-31 ng Mayo maaari ka lamang magdilig bago ang 10 a.m. o pagkaraan ng 4 p.m. Ang pagpapatubig o pagdidilig para sa landscape gamit ang mga sprinkler ay limitado sa hindi hihigit sa pitong minuto kada istasyon ng pagdidilig kada itinalagang araw (hindi umaaplay sa drip, micro-irrigation, stream rotor, rotary heads, hose end sprinklers na may mga timer o valves na pinatatakbo ng isang weather-based irrigation controller).
- Ang mga punongkahoy at shrub na hindi dinidilig ng isang sistema ng pagpapatubig o pagdidilig para sa landscape ay maaaring diligin ng hindi hihigit sa tatlong nakatalagang araw kada linggo sa pamamagitan ng hinahawakang sisidlan, hinahawakang hose na may positive shut-off nozzle, o low-volume soaker hose.
- Ang pagpapatubig o pagdidilig ng nursery at mga pangkomersiyong produkto ng nagtatanim ay ipinahihintulot sa mga oras na nasa pagitan ng 6 p.m. at 10 a.m. o anumang oras kapag gumagamit ng hinahawakang hose na may positive shut-off nozzle, hinahawakang sisidlan, o drip, micro-irrigation.
- Ang pagpapatubig o pagdidilig ng nursery propagation beds ay ipinahihintulot anumang oras.
- Ang mga di-pangkomersiyong taniman ng gulay, prutas at mga halaman sa paso ay hindi saklaw ng mga takda sa mga araw ng linggo. Pero, sa pagitan ng ika-1 ng Hunyo at ika-31 ng Oktubre ang pagpapatubig o pagdidilig ay ipinahihintulot lamang bago ang 10 a.m. at pagkaraan ng 6 p.m. Mula sa ika-1 ng Nobyembre

hanggang ika-31 ng Mayo ito ay ipinahihintulot lamang bago ang 10 a.m. at pagkaraan ng 4 p.m.

- Lahat ng pagpapatubig o pagdidilig ay ipinagbabawal habang umuulan.
- Ang paghuhugas ng sasakyan sa pagitan ng ika-1 ng Hunyo at ika-31 ng Oktubre ay ipinahihintulot lamang bago ang 10 a.m. at pagkaraan ng 6 p.m. Mula sa ika-1 ng Nobyembre hanggang ika-31 ng Mayo ito ay ipinahihintulot lamang bago ang 10 a.m. at pagkaraan ng 4 p.m. Ang paghuhugas ng sasakyan ay ipinahihintulot lamang kung gumagamit ng hinahawakang sisidlan o hinahawakang hose na may positive shut-off nozzle para sa mabilis na pagbabanlaw, o anumang oras sa lugar na sakop ng isang pangkomersiyong hugasan ng kotse. Ang paghuhugas ng sasakyan na iniaatas para sa pampublikong kalusugan at kaligtasan ay hindi saklaw ng takda.
- Ang mga bangka at mga makina ng bangka ay ipinahihintulot na hugasan kaagad pagkagamit.
- Ang paggamit ng tubig ng pangkomersiyong hugasan ng kotse na sa bahagi ay hindi gumagamit ng ibinalik na tubig ay babawasan sa dami na ipapasiya ng Konseho ng Lunsod.
- Lahat ng mga tulo ay dapat patigilin o kumpunihin sa sandaling matuklasan o sa loob ng 72 oras ng paunawa ng Lunsod ng San Diego.
- Ang paliguan ng ibon, mga koi pond at anumang ornamental water feature na gumagamit ng bomba para sa pagbabalik at hindi naglalabas ng tubig sa hangin ay ipinahihintulot sa ilalim ng Level 2. Ang mga fountain ng tubig na naglalabas sa hangin ng puslit o agos ng tubig ay ipinagbabawal sa ilalim ng Level 2 na mga takda. Gayunman, ang mga fountain na ito ay maaaring patakbuin para sa pagpapanatili. Anumang water feature na hindi nagpapaikot o nagbabalik ng tubig ay ipinagbabawal.
- Ang establisamyento ng landscape ay ipinahihintulot kung iniaatas para sa mga permiso sa landscape, pagkontrol ng pagkaagnas, mga kalamidad o pagtatatag, pagkukumpuni o pagbabago ng yari ng mga lugar ng pampublikong paggamit para sa mga paaralan at mga parke. Ang mga establisamyento ng landscape sa ilalim ng mga kondisyong ito ay nagpapahintulot ng pagdidilig anumang araw, anumang oras ng araw, gaya ng kailangan, hanggang dalawang buwan. Lahat ng ibang establisamyento ng landscape na nangangailangan ng mas maraming pagpapatubig o pagdidilig kaysa itinatag na mga takdang pagpapatubig o pagdidilig ay nangangailangan ng inaprobahang pagkakaiba.
- Ang paggamit ng mga niresaykel o hindi naiinom na tubig ay iniaatas para sa konstruksiyon lamang kapag makukuha.
- Ang paggamit ng tubig mula sa mga fire hydrant ay limitado sa pagsugpo ng apoy, instalasyon ng metro ng Lunsod bilang bahagi ng Fire Hydrant Meter Program, at para sa pampublikong kalusugan at kaligtasan.

- Ang operasyon ng konstruksiyon ay hindi gagamit ng tubig na kinuha sa pamamagitan ng fire hydrant meter para sa mga paggamit na iba sa pangkaraniwang gawain sa konstruksiyon.

Bilang karagdagan sa Level 2 na mga iniaatas na ito, lahat ng Level 1 na mga boluntaryong takda ay sapilitan ngayon. Kabilang dito ang:

- Ang mga parokyano ng tubig ng Lunsod ng San Diego ay hindi dapat gumawa ng sobrang pagpapatubig o pagdidilig at dapat na ayusin kaagad ang mga tulo sa kanilang mga pribadong sistema ng tubig. Ang mga regulasyon ng Lunsod ay nagsasaad ngayon na ang mga parokyano "ay hindi dapat pumayag na lumabas ang tubig mula sa kanilang ari-arian dahil sa drainage sa mga katabing ari-arian o mga pampubliko o pribadong daanan o kalye o kanal dahil sa sobrang pagpapatubig o pagdidilig at/o hindi naiwastong mga tulo."
- Hindi maaaring gamitin ng mga parokyano ang running hose upang hugasan ang mga bangketa, driveway, mga lugar na paradahan, tennis court, patio o ibang mga pinalitadahang lugar, maliban kung para pagaanin ang mga panganib sa kaligtasan o kalinisan, maliban kung ang hose na iyon ay konektado sa isang kagamitan para sa mahusay na paggamit ng tubig tulad ng isang pangkomersiyong water broom.
- Ang sobrang pagpuno sa mga swimming pool at spa ay mahigpit na ipinagbabawal.
- Ang Lunsod ay hindi magkakaloob ng bagong mga koneksyon ng serbisyo ng tubig sa mga parokyano na gumagamit ng single pass-through cooling systems.
- Lahat ng mga bagong koneksyon ng conveyer car wash at pangkomersiyong laundry systems ay aatasan na gumamit ng isang sistema ng muling sirkulasyon o pagbabalik ng tubig.
- Ang mga restoran at ibang mga establisamyento ng pagkain ay dapat lamang maghain at muling magbigay ng tubig sa mga parokyano kapag hiniling.
- Ang mga panauhin sa mga hotel, motel, at ibang mga pangkomersiyong establisamyento ng pansamantalang paninirahan ay bibigyan ng opsyon na hindi maglaba ng mga tuwalya at kumot araw-araw.

Ang mga takdang ito ay permanente at nakatatag ngayon para sa buong taon. Ang mga residente ng San Diego ay hinihimok na iulat ang pag-aaksaya ng tubig sa pamamagitan ng pagtawag sa Water Hotline sa (619) 515-3500.